SO WHAT *What is the relevance of the Word to my life?*

- Papaano ang ating pagkamapagbigay ay makapagdudulot ng pagkakaisa tulad halimbawa ni Nehemias at ng mga taga-Judah?
- Sa paanong paraan na maaaring gamitin ng Diyos ang ating pagiging pala mapagbigay at pagkakaisa na maghahatid ng pagbabago sa ating lipunan?
- Tulad ng pagmamahal sa iyo ng Diyos at ng pagmamahal mo sa Kanya na nagpasigla sa iyo, paano mo maipapakita ang pagiging mapagbigay na maitaguyod ang pagkakaisa sa iyong mag-anak, sa eskwelahan, sa trabaho, sa iglesiya, at komunidad?

NOW WHAT *How do I apply the Word to my life?*

- Ano ang maaari mong ibigay ng masagana para sa ikasusulong ng kaharian ng Diyos, tungo sa pagbabago ng ating bansa? Paano mo sisimulan ito?
- Paano mo pagyayamanin ang mga bagay tungkol sa pagbibigay at pagkakaisa sa iyong mga nasasakupan?
- Anong bahagi ng lipunan na madalas mong ipanalangin? Bakit?

PRAYER

- Hilingin sa Diyos ang mayamang pagbibigay. Manalig sa Kanya sa pabor at pagkakataon na ikaw ay maging masagana at maging mapagbigay.
- Manalangin na gamitin ka ng Diyos na daluyan ng pagpapala sa mga tao sa iyong paligid. Hilingin sa Kanya na bigyan ka ng pagkakataon upang sumunod sa Kanya nang may pananalig.
- Ipanalangin ang ating pangulo at ang buong pamahalaan, na magkaroon sila ng pagkakaisa, talino, at na ang takot sa Panginoon ang manaig sa ating mga namumuno.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

Karapatang Pag-aari © 2012
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

FILIPINO

Pagkakaisa at Pagkamapagbigay

Week 4

NOTES

CONNECT

- Nakaranas ka na ba sa isang grupo ng mga oposisyon habang may ginagawa kayo na isang proyekto o mga pagtitipon o mga layunin na nais n'yong ipatupad? Papaano mo pinakitunguhan ang mga kumokontra?
- Sa isang pangkat na sama-samang gumagawa, ikaw ba ang madalas na kumikilos o madalas ikaw ang namumuno? Magbigay ng halimbawa.
- Kung ikaw ay mabibigyan ng pagkakataon na magbigay o magsakripisyo ng anumang bagay na makapagdudulot ng higit na pagkakaisa sa ating bansa, ano ang maibibigay mo na sakripisyo at bakit?

WORD

16 Ngunit mula nang araw na iyon, kalahati lang sa mga tauhan ko ang gumagawa ng pader, dahil ang kalahati ay nagbabantay na may mga sibat, pananggalang, palaso, at panangga sa dibdib. Ang mga opisyal ay nakatayo sa likod ng mga mamamayan ng Juda 17 na gumagawa ng pader. Ang isang kamay gamit sa paggawa at ang isa namang kamay ay may hawak na sandata, 18 at nakasukbit sa baywang nila ang espada. Ang tagapagpatunog ng trumpeta ay nasa tabi ko.

Nehemias 4:16-18

WHAT *What does the Bible say?*

Sa pangunguna ni Nehemias, ang mga tao sa Judah ay itinayo ang pader sa Jerusalem sa kabila ng mga banta. Buong puso nila itong ginawa at nagkaisa—ang bawat isa na nagtatayo ng pader at palagiang nakahandang ipaglaban ito sa mga atake. Narito ang mga ilang aral mula sa kasaysayan ng pagsunod at pagkakaisa.

- **Ang pagkakaroon ng iisang layunin ay susi sa pagkakaisa.**
  Dahil palagi kaming nagbabantay, ako at ang mga kamag-anak ko, mga tauhan, at mga guwardya ay hindi na nakapagpalit ng damit. At kahit sa pagkuha ng tubig ay dala-dala naming ang aming mga sandata.

  Nehemias 4:23

  Ang mga Judio ay nagkaisa sa layunin nilang itayong muli ang mga pader ng Jerusalem kaya't nagawa nilang magsakripisyo ng kanilang panahon, kakayahan, at kalakasan (Nehemias 13:12). Ang iisang layunin na ito ang nakapag-isa sa kanila bilang isang bansa at nakatulong sa kanilang tapusin ang trabaho ng pagtatayong muli ng pader. Gaano kahalaga ang pagkakaroon ng iisang layunin?

  _____

  _____

- **Ang pagkakaisa at pagkamapagbigay ay mga susing sangkap sa pagbabago ng ating bansa.**

  10 "Ako mismo at ang mga kamag-anak at mga tauhan ko ay nagpahiram ng pera at trigo sa mga kababayan nating naghihikahos. Pero huwag na natin silang pagbayarin sa mga utang nila. 11 Ngayon din ibalik n'yo agad ang mga bukirin, mga taniman ng ubas, mga taniman ng olibo, at mga bahay ng mga may utang sa inyo. Ibalik n'yo rin ang tubo sa mga pinahiram ninyong pera, trigo, alak at langis." 12 Sumagot sila, "Ibabalik namin ang lahat ng iyon sa kanila. Hindi na namin sila sisingilin. Gagawin namin ang sinasabi mo."

  Nehemias 5:10-12

  Si Nehemias ay nagawang impluwensiyan ang mga tao sa Judah upang tulungan ang mga mahihirap at itigil ang pagmamalabis ng tubo sa mga pautang. Gayunman sa pagkakaisa at palamapagbigay ay nagdulot ng pagbabago sa pamumuhay ng mga taga-Judah. Sa paanong paraan tayo maaaring magsilbing daluyan ng pagbabago sa ating mga nasasakupan?

  _____

  _____

- **Ang pag-ibig ng Diyos at pag-ibig natin sa Kanya ay nagpapasigla sa atin upang tayo ay maging mapagbigay at magkaisa na mga tao.**

  5 Ngunit sa sinumang sumusunod sa salita ng Diyos, lubos na natupad sa kanya ang pag-ibig ng Diyos. At sa ganitong paraan natin malalaman na tayo'y nasa kanya: 6 ang sinumang nagsasabing siya ay sa Diyos, dapat mamuhay nang tulad ni Jesu-Cristo.

  I Juan 2:5,6

  Nakatitiyak tayo na, ang pag-ibig ng Diyos at ang kanyang pag-ibig sa Diyos ang nagtulak kay Nehemias sa lahat ng kanyang ginawa. Tulad niya, ang pag-ibig ng Diyos at pag-ibig natin sa Diyos na maatasan tayo na maging pagkamapagbigay para sa pagsulong ng Kanyang kaharian. Bilang nagkakaisa na espirituwal na pamilya, sama-sama sampu ng mga kapatiran kay Kristo, maaari tayong gamitin ng Diyos upang makapaghatid ng pagbabago sa ating bansa para sa Kanyang karangalan at luwalhati. Ano ang pangako ng Diyos sa pagkakaisa natin upang sundin ang Kanyang utos na tayo'y maging mapagbigay (2 Corinto 9:11)?

  _____

  _____